

## INTERNATIONAL NAPASA (August 20th, 2024)

### 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa August 25 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

### 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa August 24 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **NAGOYA GRAMPUS**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

### 3) INPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FIREWORKS FESTIVAL

湘南平塚花火大会のお知らせ

Sa August 24 (Friday) ay magkakaroon ng **“SHONAN HIRATSUKA FIREWORKS FESTIVAL”** sa bukana ng Sagami River. At dito ay magsisindi ng 3000 pirasong pailaw. Kung sakaling umulan, ito ay gaganapin sa August 25 (Sunday). Ang oras ng palabas ay mula 7:00 hanggang 8:00 ng gabi. Ang lahat ng mga itinalagang upuan para sa panonorang lugar ng mga manonood ay may bayad at kinakailangan ang pagbili nang ticket nang maaga. Samantala, walang paradahan sa lugar ng panooran kung kaya't ipinapayo na sumakay na lamang sa mga temporaryong mga bus sa South exit ng Hiratsuka Station. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring tumawag sa **COMMERCE AND TOURISM SECTION** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-23-1111 (0463-23-1111)**. At para sa mga katanungan sa araw ng pagdiriwang ay tumawag sa Number **050-3665-9603 (050-3665-9603)**.

### 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGESANAY NG PAGESASAHIMPAPAWID NG J ALERT

J-アラートの試験放送のお知らせ

Sa August 28 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng **J-ALERT** dito sa Hiratsuka City. Ang **J-ALERT** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoong **J-ALERT** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa **RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-9863 ( 0463-21-9863 )**.

#### 5)EVENT PARA SA PAG-AAMPON NG MGA NAILIGTAS NA PUSA

ほごねこ じょうとがいの おしらせ  
保護猫の譲渡会のお知らせ

Tuwing ika-4 na linggo ng buwan, ang “**SAMAHAN PARA MABAWASAN ANG MGA LIGAW NA PUSA**” sa Hiratsuka City may pagdiriwang na “Pag-aampon sa mga nailigtas na pusa”, ang oras ay mula 11:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa **OSC SHONAN** sa 2<sup>ND</sup> floor ng “Your Betia” Hiratsuka Shop. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **080-5901-7746 (080-5901-7746)**.